
## Banghay – Aralin sa Filipino IV

**May-Akda: Romelyn M. Cabugsa**
**Designation: Teacher III**
**Paaralan: CENTEX Manila**




**I. Layunin**

1. Natutukoy ang mahalagang detalye ng kuwentong "Rosa Albina"
2. Naipahahayag ang saloobin, opinyon, at damdamin sa aktibong talakayan
3. Nasasabi ang aral na makukuha sa kuwento

**II. Paksang-Aralin**

***1.*** ***Pamagat:*** "Rosa Albina"
2. ***May-akda:*** Virgilio S. Almario
3. ***May-guhit:*** Kora Dandan-Albano
4. ***Pagpapahalaga:*** Pagpapakumbaba

**III. Pamamaraan**

**1. Pagganyak**

Ang guro ay magpapakita ng larawan ng isang bukid. Itatanong niya ang mga sumusunod:

**a.** Sino sa inyo ang nakapunta na sa bukid?
e. Anu-ano ang mga makikita sa bukid?
f. Mayroon akong mga ginupit na mga larawan ng mga hayop. Idikit ang mga ginupit na larawan ng mga hayop na maaaring makita sa bukid." (Maghanda ng ginupit na larawan ng kambing, baka, kabayo, tandang, inahen, atbp.)

**2. Paghawan ng Balakid**

"Ang ating aralin ngayong araw ay may kinalaman sa mga hayop sa bukid. Ngunit bago tayo pumunta sa ating kuwento, atin munang tuklasin ang kahulugan ng mga sumusunod na salita.

Basahin ang mga pangungusap at pag-isipan ang kahulugan ng salitang may salungguhit. Pag-usapan sa inyong pangkat ang sagot at sama-sama nating tuklasin ang kahulugan ng mga salita."

1. Nang ang mahiyaing si Karbon Kareta ay **<u>mangahas</u>** na nagtapat, si Rosa ay agad umayaw.
   A. nagkaroon ng lakas ng loob — C. sumigaw nang bigla
   B. nagdala ng ahas — D. nahihiyang magsabi

2. Siya ay **<u>laki sa layaw</u>**. Hindi tumutulong sa mga gawain sa bukid at nagmamaktol kung hindi nasusunod ang gusto.
   A. sunod sa uso ang gamit — C. nasusunod ang lahat ng kagustuhan
   B. masunurin sa nakatatanda — D. lumaking malaya

3. Ang kanyang taos na **<u>pagliyag</u>** ay hindi pinansin ni Rosa.
   A. paglakbay B. pag-ibig C. pag utos D. pagsama

4. Siya ay **<u>maselan</u>**. ni ayaw padapo sa tagak at langaw.
   A. mabait B. masaya C. mabuti D. maarte

5. **<u>Nagprisinta</u>** ang kapwa niya kalabaw na siya ay tulungan ngunit siya ay umayaw.
   A. nagkusa B. nagpakita C. nagalit D. nagbilad

**3. Pagbasa ng Kuwento (Shared Reading)**

"Balikan natin ang mga hayop na makikita sa bukid." Ituro ang kalabaw na kulay rosas at itanong: "Ano ang tawag sa hayop na ito? Mayroon bang kakaiba sa kalabaw na nasa larawan sa mga



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

kalabaw na nakita na ninyo sa totoong buhay o sa mga karaniwang larawan ng kalabaw? Nakakita na ba kayo ng kulay rosas na kalabaw?

Ang ating kuwento sa araw na ito ay tungkol sa kalabaw na si Rosa Albina. Ito ay kuwento mula sa panulat ni Virgilio S. Almario at iginuhit ni Kora Dandan-Albano. Babasahin ko ang kuwento. Kapag parte na ni Rosa Albina ang lahat ng babae ang magbabasa samantalang lahat naman ng mga lalaki ang magbabasa ng mga linya ni Karbon Kareta. Handa na ba kayo mga bata?"

4. **Pagkatapos Bumasa**

   a. **Discussion Guide**

      2. Anu-ano ang mga katangiang mayroon si Rosa Albina? Siya ba ay dapat tularan? Pangatwiranan.
      3. Kung ikaw si Rosa Albina at pinuna ang hindi magandang pag-uugali mo, magagalit ka ba? Ano ang gagawin mo?
      4. May nakasalamuha na ba kayong katulad ni Rosa Albina ang pag-uugali? Ano ang naramdaman ninyo sa mga taong katulad ni Rosa Albina?
      5. Sa palagay ba ninyo'y may pananagutan kayong tulungang maging mas mabuti ang kapwa? Ipaliwanag. Anu-ano ang maaari mong itulong upang higit na mapabuti si Rosa Albina?
      6. Tama ba na naging mapagmataas si Rosa sa panahong kailangan niya ng tulong?
      7. Kung ikaw ay isa sa mga hayop na kasama ni Rosa, tutulungan mo pa rin ba siya kahit na siya ay suplada at maselan?
      8. Ano kaya ang mga katangian ni Karbon Kareta kaya napaibig niya si Rosa Albina sa huli?
      9. Ano ang mas mahalaga-- ang panlabas na kagandahan o ang kababaang-loob? Bakit?
      10. Sa iyong paningin, si Rosa Albina ba ay tunay na maganda? Ano ang batayan mo upang masabing ang isang tao ay maganda?

   b. **Pangkatang-Gawain**

      **Pangkat 1 (Drama Center):** Isadula ang kuwento. Ipakita dito kung paano nagbago si Rosa Albina.
      **Pangkat 2 (Music Center):** Gumawa ng jingle o kanta na nagpapakita ng kababaang loob.
      **Pangkat 3 (Writing Center):** Bigyan ng kakaibang katapusan ang kuwento ni Rosa Albina.
      **Pangkat 4 (Art Center):** Gumawa ng poster tungkol sa katangian ng isang taong karapat-dapat tularan.

**IV. Paglalapat**

Kung may mayroon kang kaibigan o kakilala na halos katulad ni Rosa Albina ang pag-uugali, ano ang dapat mong gawin upang siya ay matulungang magbago?

**V. Pagpapahalaga**

Ano ang natutunan mo sa kuwento natin? Ito ba ay magagamit mo sa iyong buhay? Paano mo ito magagamit?

**VI. Takdang-Aralin**

Gumawa ng kuwentong may tema o aral na kagaya sa Rosa Albina. Ibuod ito sa 5–7 pangungusap.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation